Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON
**SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS**

8 Sep 2026

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 450, s. 2026**

**ADOPTION AND UTILIZATION OF THE QUALITY-ASSURED ILAW EXEMPLARS FOR GMRC AND VALUES EDUCATION**

TO: Assistant Schools Division Superintendent
Chief – Curriculum Implementation Division (CID)
Chief – School Governance and Operations Division (SGOD)
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
School heads/Head Teachers/ Subgroup heads/coordinators
GMRC/ VALED Sub Office Coordinators
GMRC and Values Education teachers
All Others Concerned

1. To further support the effective implementation of the Good Manners and Right Conduct (GMRC) and Values Education curriculum, the Schools Division Office of Batangas Province, through the Curriculum Implementation Division (CID), disseminates the attached Quality-Assured ILAW Exemplars for GMRC and Values Education for adoption and utilization in schools.

2. These exemplars were developed and subjected to quality assurance processes to ensure alignment with ILAW Framework, curriculum standards and promote meaningful, contextualized, and values-oriented learning experiences for learners. Schools are encouraged to utilize these exemplars as supplementary learning resources in the delivery of instruction.

3. The quality-assured materials are attached to this Memorandum and are likewise available through the SDP Batangas Province LRMS Portal for easy access and reference by teachers and school leaders.

4. The Schools Division Office likewise recognizes the valuable contributions of the following personnel who served as writers and learning resource evaluators in the development and quality assurance of the ILAW Exemplars:

Writers

- CLARISELLE JOY M. CONTI *Master Teacher I Bauan Technical Integrated High School Bauan West Sub-office Key Stage 3 - Grade 10*

**Address:** Provincial Sports Complex, Bolbok, 4200 Batangas City
**Telephone:**(043)722-1840 / 722-1796
**Email Address:** deped.batangas@deped.gov.ph
**Website:** www.depedbatangas.com

- LEESIBEL G. AGOJO *Master Teacher I Aguedo Lota Asinas Memorial Elementary School Taal Sub-Office Key Stage 1- Grade 3*
- MARIA HANAKO K. RAMOS *Teacher III Dao Elementary School Balayan East Sub-Office Key Stage 2- Grade 5*

Learning Resource Evaluators

- CLARISELLE JOY M. CONTI *Master Teacher I Bauan Technical Integrated High School Bauan West Sub-office*
- MYRASOL D. BELTRAN PhD *Master Teacher II Jacobo Zobel Elementary School Calatagan Sub-Office*
- MA LETICIA JOSE CABANA-BASILAN, PhD, *Education Program Supervisor, SDO Batangas Province*

5. In recognition of their commitment, expertise, and invaluable service, the aforementioned writers and learning resource evaluators may claim their Certificates of Recognition, Utilization and Adoption at the Curriculum Implementation Division (CID), Schools Division Office of Batangas Province.

6. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum are desired.

7. For information, adoption, and utilization.

**MARITES A. IBAÑEZ, CESO V**
Schools Division Superintendent

Encl.: None
Reference: None

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

Issuance Division Memorandum

*MLJCB/ CONDUCT OF SCHOOL VISITS FOR THE MONITORING OF END OF TERM BLOCK/R2-155519/9/8/2026*

**LESSON PLAN SA GMRC 3**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | Sariling Pagkilala sa mga Taong may Kapansanan o Persons with Disability (PWD) o Iba pang may Natatanging Kondisyon |
| **Larangan ng Pagkatuto** | GMRC 3 |
| **Pangalan ng Guro** | Leesibel G. Agojo |
| **Baitang at Pangkat** | Baitang 3- Zinnia |
| **Term** | 2 |
| **Linggo/Petsa** | Linggo 11 / Nobyembre 23-24, 2026 |
| **Bilang ng Sesyon** | 2 |
| **Mga Sanggunian (books, websites, toolkits, etc.)** | Modelong Banghay Aralin sa GMRC 3, GMRC/VE Curriculum Guide 2023, Three-Term Budget of Work sa GMRC 3 |
| **Pahayag ng Paggamit ng AI** Cite how AI was used in the formulation of the lesson plan. See DO 3 s.2026 Annex A. | Sa banghay aralin na ito, ginamit ang AI upang makabuo ng ilan sa mga interaktibong gawain upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral tungkol sa aralin. Gayundin, naging katuwang ang teknolohiyang ito sa pagsusuri ng balarila (grammar check) at sa pagpapatibay ng angkop, makabuluhan, at lapat ng mga inihandang gawain at pagtataya para sa antas ng mga mag-aaral. |

| | |
|---|---|
| ***Intensyon*** | *Ang makabuluhang karanasan sa pagkatuto ay nakasalalay sa kung paano natin ito binubuo at binibigyang-hugis. Magsimula sa pagtukoy kung ano ang nais mong matutuhan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at simple.*<br>*Tandaan: Ang pag-unawa sa nagbabagong kalagayan ng mga mag-aaral at ang pagdidisenyo ng aralin ayon dito ay nakatutulong upang matiyak na ang iyong mga leksyon ay makabuluhan, kapaki-pakinabang, at may kaugnayan sa kanilang karanasan.* |
| ***Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap***<br>*Isulat ang Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayan Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap mula sa Gabay na Kurikulum* | **Kasanayang Pampagkatuto:**<br>Naipakikita ang pagiging magalang sa mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) o iba pang may natatanging kondisyon sa pamamagitan ng wastong pakikipag-ugnayan.<br><br>**Pamantayang Pangnilalaman:** : Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pagkilala samga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) o ibapang may natatanging kondisyon.<br><br>**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) o iba pang may natatanging kondisyon batay sa kanilang kalagayan bilang tanda ng pagiging magalang.<br><br>**Lilinanging Pagpapahalaga:** Magalang o Respect |
| ***Mga Layunin sa Pagkatuto:***<br>*Habang tinutukoy ang mas maliliit na kaalaman, kasanayan, o gawain mula sa kasanayan na pagtutuunan ng mga mag-aaral at maipapakita nila sa pagtatapos ng mga sesyon.* | Ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>a. Naiisa-isa ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) o iba pang may natatanging kondisyon. |

| | |
|---|---|
| ***Konteksto ng Mag-aaral:***<br>*Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga mag-aaral, at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto kamakailan. Isama ang kanilang mga kalakasan, interes, at posibleng mga hadlang sa pagkatuto.* | **Grade 3-Zinnia**<br>**Kalakasan at Interes:** Mabilis na pag-unawa at pagsasagawa ng mga aktibidad<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pagkakaiba-iba ng antas ng pag-unawa at pangangailangan ng mas detalyadong paggabay sa mga konsepto.<br>**Unpacked Level ng Kompetensi:** 3 - Hindi na kailangan ng paghihimay ng kompetensi handa na sa mapanghamong mga aktibidad.<br><br>**Grade 3-Sunflower**<br>**Kalakasan at Interes**: Malayang pagbabahagi ng pananaw/saloobin.<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pagkakaiba-iba ng antas ng pag-unawa at pangangailangan ng mas detalyadong paggabay sa mga konsepto.<br>**Unpacked Level ng Kompetensi:** 1 - Nangangailangan ng paghihimay himay ng mga kompetensi |

| | |
|---|---|
| **Learning Experience.<br>Karanasan sa Pagkatuto** | *Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na dinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at pakikipag-ugnayan ay nag-aambag tungo sa makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at pakikipag-ugnayan na makatutulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng kaalaman, kasanayan, o pag-unawa sa isang may layunin at sistematikong paraan.*<br><br>*Nailalapat sa araling ito ang **Values Analysis** sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri ng mga mag-aaral sa mga sitwasyon at kwento ng PWDs upang maunawaan ang kahalagahan ng paggalang sa kanilang dignidad at personal na espasyo. Kasabay nito, isinasakatuparan ang **Experiential Learning** sa pamamagitan ng mga interaktibong laro tulad ng Respeto Feud, pag-awit, at pagsasanay na nagbibigay-daan sa aktibong pagkatuto at pagninilay.* |
| ***Bago ang Aralin:***<br>*Ilarawan kung paano mo ihahanda ang mga mag-aaral para sa aralin.* | **Paunang Gawain:**<br>● Panalangin<br>● Alintuntunin sa silid-aralan<br>● Pagtatala ng Liban/ Kumustahan<br><br>**Sesyon 1- Nobyembre 23, 2026**<br>**Balik-Aral:**<br>🔍✍️**Gawain: Pili-Sagot**<br><br>**Panuto:**<br><br>1. Hatiin ang klase sa tatlo hanggang apat na pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng isang *Show-Me Board* at *board marker*.<br>2. Babasahin ng guro nang dalawang beses ang bawat tanong o sitwasyon na may kinalaman sa tamang pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan.<br>3. Pag-uusapan ng bawat pangkat ang tamang sagot sa loob ng sampung (10) segundo at isusulat ito sa kanilang *Show-Me Board*.<br>4. Sa hudyat ng guro (pagpapatunog ng pito o pagpalakpak), sabay-sabay na itataas ng bawat pangkat ang kanilang mga board upang ipakita ang sagot.<br>5. Ang pangkat na makakakuha ng pinakamaraming tamang sagot ang siyang magkakamit ng pinakamataas na puntos sa pagtataya.<br><br>🔍**Pagganyak:**<br>Panuto: Patugtugin ang awiting "Tamang Pakikitungo". Sasabayan ito ng pag-awit at simpleng kilos ng mga mag-aaral upang mas maipahayag ang |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>mensaheng ipinapahiwatig nito. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral upang maisagawa ito nang maayos.</td>
</tr>
<tr>
<td><u>Daloy:</u><br>Ilarawan ang mga gawain na maaari mong ipatupad sa isa o higit pang mga sesyon upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto.<br><br>Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdidisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pag-iisip kung paano:<br><br>• Gawing malinaw ang mga layunin para sa mga mag-aaral.<br><br>• Gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang subukang gawin ang gawain nang mag-isa.<br><br>• Suriin ang kalagayan ng kagalingan, pag-unawa, at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aralin.<br><br>• Iugnay ang mga bagong konsepto sa mga naunang kasanayan.<br><br>• Hikayatin ang pagtutulungan ng mga mag-aaral.<br><br>• Anyayahan ang mga mag-aaral na magmuni-muni kung bakit mahalaga ang mga ito sa kanila.<br><br>Tiyakin ang pagiging inklusibo para sa iba't ibang kakayahan, istilo ng pagkatuto, at konteksto ng mga mag-aaral.</td>
<td>Sesyon 1- Nobyembre 23, 2026<br>Gawain: Talakayin natin!<br><br>Panuto: Pakinggan at unawain ang kwentong babasahin ng guro. Pagkatapos nito, magkakaroon ng malayang talakayan ang guro at mga mag-aaral kaugnay ng paksang aralin.<br><br>1. Ano ang gamit ni Lio para makapasyal sa parke?<br>2. Ano ang nararamdaman ni Anya nang makita niya si Lio?<br>3. Ano ang dapat gawin bago hawakan ang wheelchair o gamit ng ibang tao?<br>4. Bakit mahalagang pumili ng larong makakasali ang lahat?<br>5. Paano mo ipapadama kay Lio at sa mga batang tulad niya na tanggap at iginagalang mo siya bilang kaibigan?<br><br>🔍 Panuto: Makinig nang mabuti sa babasahing sitwasyon ng guro. Suriin ang kilos o pananalita na inilarawan sa bawat sitwasyon. Itaas ang nararapat na kulay ng papel batay sa iyong paghuhusga:<br><br>• Berde (Tama/Wasto): Nagpapakita ng tamang pagkilos, paggalang, at wastong pananalita.<br>• Dilaw (Kailangan ng Pag-iisip): Hindi malinaw ang intensyon o maaaring makasakit ng damdamin kung hindi aayusin.<br>• Pula (Mali/Hindi Nararapat): Nagpapakita ng kawalan ng paggalang o hayag na nakakasakit sa dignidad ng kapwa.<br><br>- Maghandang ipaliwanag ang dahilan ng napiling kulay kapag tinawag ng guro.<br><br>• Berde (Go/Tama): Wastong pagkilos/wika.<br>• Dilaw (Caution/Kailangan ng Pag-iisip): Hindi malinaw o maaaring makasakit ng damdamin.<br>• Pula (Stop/Mali): Hindi magalang o hindi angkop.<br><br>Mga Sitwasyon at Susi sa Pagwawasto:<br>1. Sitwasyon 1: Nakita ni Juan ang isang kaklaseng may kapansanan sa paningin na nahihirapang maglakad. Agad niyang hinawakan ang kamay nito at hinila nang walang paalam.<br>Kulay: Dilaw (Kailangan ng Pag-iisip)<br>Paliwanag: Mabuti ang intensyong tumulong, ngunit mas tama kung magtatanong muna nang may paggalang bago humawak o gumawa ng kilos.<br>2. Sitwasyon 2: Lumapit si Maria sa bagong kaklaseng nakaupo sa wheelchair at sinabi nang nakangiti, "Magandang araw! Ako si Maria, gusto mo bang samahan kita sa kantina?"<br>Kulay: Berde (Tama/Wasto)<br>Paliwanag: Nagpapakita ng magalang na pananalita at pantay na pakikipagkaibigan.<br><br>3. Sitwasyon 3: Tinawag ng isang mag-aaral ang kanyang kaklase gamit ang salitang "pobre" at "lampa" dahil mabagal itong maglakad.</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | **Kulay: Pula** (Mali/Hindi Nararapat)<br>***Paliwanag:*** Ang paggamit ng mga salitang nakakababa ng pagkatao ay tahasang paglabag sa dignidad ng kapwa.<br><br>4. **Sitwasyon 4:** Habang nakikipag-usap si Carlo sa isang kaklaseng gumagamit ng *wheelchair*, yumukod at umupo rin siya nang bahagya upang maging pantay ang antas ng kanilang tingin.<br>**Kulay: Berde** (Tama/Wasto)<br>***Paliwanag:*** Nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kaginhawaan ng kausap.<br><br>5. **Sitwasyon 5:** Kinuha at pinaglaruan ng ilang mag-aaral ang tungkod ng isang kaklaseng may kapansanan habang ito ay nagpapahinga.<br>**Kulay: Pula** (Mali/Hindi Nararapat)<br>***Paliwanag:*** Ang mga kagamitang pantulong (*mobility aids*) ng mga PWDs ay bahagi ng kanilang personal na espasyo at hindi dapat pinaglalaruan.<br><br>**Sesyon 2 – Nobyembre 24, 2026**<br><br>🔍 ***Gawain 2: Respeto Feud***<br><br>**Layunin:** Naiisa-isa ang mga tamang paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga Persons with Disabilities (PWDs) nang may paggalang at pagpapanatili ng kanilang dignidad.<br><br>**Panuto:**<br>1. Hatiin ang klase sa dalawang grupo: Grupo A at Grupo B.<br><br>2. Magpapakita ang guro ng pangunahing Survey Question sa pisara o screen.<br><br>3. Magpapadala ang bawat grupo ng kinatawan sa harap para sa *Face-Off*. Ang unang makapindot ng bell o makapagtaas ng kamay ang siyang magbibigay ng unang hula.<br><br>4. Kung ang sagot ay kasama sa Mga Inihandang Sagot (*Pre-Determined List*), sa kanilang pangkat mapupunta ang pagkakataong hulaan ang iba pang natitirang sagot.<br><br>5. Makakakuha ng katumbas na puntos ang grupo sa bawat tamang sagot. Kapag nagkaroon ng tatlong pagkakamali (*strikes*) ang kasalukuyang grupo, magkakaroon ng pagkakataon ang kabilang grupo na agawin (*steal*) ang mga puntos sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang tamang sagot.<br><br>**Survey Question:**<br>Magbigay ng Top 5 na Tamang Kilos o Gawi sa Pakikipag-ugnayan sa mga Taong may Kapansanan (PWDs). |

| Ranggo | Inihandang Sagot (Pre-Determined Answer) | Paliwanag / Konseptong Inilalarawan | Puntos |
|---|---|---|---|
| 1 | **Magtanong muna bago tumulong** | Bago agad humawak o tumulong, itanong muna kung kailangan nila ng tulong at kung paano ito tamang gawin. | 35 |
| 2 | **Kausapin sila nang diretso** | Sa kanila mismong mukha at mata tumingin kapag nakikipag-usap, hindi sa kanilang kasama, *caregiver*, o tagapagsalin. | 25 |
| 3 | **Igalang ang kanilang gamit at espasyo** | Tratuhin ang kanilang *wheelchair*, tungkod, o *hearing aid* bilang bahagi ng kanilang personal na espasyo; huwag hawakan nang walang pahintulot. | 20 |
| 4 | **Pumantay sa antas ng kanilang tingin** | Kung nakaupo sa *wheelchair* ang kausap, umupo rin o yumukod nang kaunti upang maging pantay ang antas ng paningin sa pakikipag-usap. | 10 |
| 5 | **Gumamit ng magalang at angkop na pananalita** | Iwasan ang pagtawag sa kanila gamit ang mga salitang nakakababa ng dignidad (tulad ng "pobre", "kawawa", o "lampa"); gamitin ang pantay at positibong pagkilala. | 10 |

🔍 **Gawain: Malayang Talakayan**

**Panuto:** Matapos ang aktibidad, magkakaroon ng pagpapalalim ng konsepto ang guro tungkol sa wastong paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) o iba pang may natatanging kondisyon.

-

💡 **B. Pagsasabuhay at Pagtatapos:**

**Panuto:** Suriin ang mga larawan ng mga tanyag na indibidwal na nagtagumpay sa buhay sa kabila ng kanilang mga natatanging kondisyon. Matapos suriin, sagutin ang mga gabay na tanong sa iyong kuwaderno.



| | |
|---|---|
| | **Mga Gabay na Tanong:**<br><br>1. Sino-sino ang mga nasa larawan at ano-ano ang mga kapansansan na kanilang kinakaharap?<br>2. Ano ang naging susi sa kanilang pagtatagumpay sa kabila ng kanilang mga pisikal na limitasyon?<br>3. Paano nakatutulong ang kanilang kwento upang mabago ang pagtingin ng lipunan sa mga taong may kapansanan (PWDs)?<br>4. Bilang isang mag-aaral, anong aral sa buhay ang iyong natutunan mula sa kanilang karanasan na maaari mong ilapat sa iyong sariling mga pagsubok? |
| ***Mga Kagamitang Pampagkatuto:***<br>*Ilista ang mga kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa iyo upang makamit ang iyong mga layunin. Tiyakin na ang mga ito ay available at inklusibo.*<br>*Magbigay rin ng mga opsyon at alternatibo kung sakaling magkaroon ng mga emergencies* | • Laptop<br>• Slide Deck<br>• Canva<br>• Digital Presentation Slides (Visual Aids) na may Larawan ng mga PWD na nagtagumpay<br>• Gemini (Storybook,  Respeto Feud)<br>• Suno AI  (Awit na “Tamang Pakikitungo”)<br>• Rubrik para sa "Poster ng Paggalang" (Extended Learning)<br>• Google Docs<br>• ChatGPT |
| ***Mga Oportunidad para sa Integrasyon:***<br>*Isulat ang anumang mga posibilidad na makabuluhang pagsasama ng ibang larangan ng pagkatuto, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | **Filipino:** Pagbuo ng mga sensitibo at magalang na pangungusap.<br>**Arts:** Pagguhit ng 'Poster ng Paggalang' (Poster ng mga mungkahi sa wastong pakikipag-ugnayan).<br>**Music:** Pag-awit ng “Tamang Pakikitungo” |

| | |
|---|---|
| **Assessing Learning Pagtataya** | *Ang pagtataya ay nagpapakita kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pa ang kailangan nilang tulong. Nakakatulong ito sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon upang gabayan ang iyong susunod na pagtuturo.* |
| ***Pormatibong Pagtataya:***<br>*Pumili ng gawain, aktibidad, o mga tanong upang suriin ang pagkatuto at makapagbigay ng puna o feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makakahingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.*<br>*Tandaan na magbigay ng angkop na mga akomodasyon upang maipakita ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, opsyon para sa maliit na grupo, mga suportang biswal o pandinig).* | ✍️**Maikling Pagsusulit:**<br>**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Isulat ang **TAMA** kung ang ipinakitang kilos ay nagpapakita ng wastong paggalang sa mga PWD at **MALI** naman kung hindi.<br><br>1. Itinulak ni Joshua ang wheelchair ng isang may kapansanan nang hindi muna nagtatanong kung kailangan nito ng tulong.<br><br>2. Nakatingin at nakikipag-usap nang diretso si Maria sa kaklaseng bingi, sa halip na sa tagasalin *(interpreter).*<br><br>3. Tinapik at hinawakan ni Juan ang asong gumagabay (*guide dog*) habang naglalakad ang taong may kapansanan sa paningin.<br><br>4. Umupo si Teacher Ana para makipag-usap nang kapantay sa mata ng batang nakawheelchair.<br><br>5. Kinausap ni Pedro nang maayos at may paggalang ang kaklaseng may kapansanan sa pag-iisip. |

| | |
|---|---|
| | **Gabay at Suporta sa Pagkatuto:** Nakahanda ang guro na gabayan ang mga mag-aaral at linawin ang anumang katanungan ukol sa pagtataya. Nirerespeto ang bawat opinyon ng mag-aaral, habang agad na itinutuwid ang mga hindi malinaw na kaisipan. Nagbibigay rin ang guro ng mga alternatibong gawain, pinadaling kagamitan sa pagkatuto, o tulong mula sa kapuwa mag-aaral (*peer support*) para sa mga nangangailangan ng karagdagang suporta. |

| **Ways Forward**<br>**Mga Susunod na Hakbang** | *Ang makabuluhang pagkatuto ay maaari ring mangyari sa labas ng silid-aralan—para sa mga mag-aaral at sa guro. Huminto sandali at magnilay sa mga nangyari ngayong araw.* |
|---|---|
| ***Mga Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto:***<br>*Magmungkahi ng iba pang mga karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan o oras ng klase na maaaring salihan ng mga mag-aaral upang mapatatag ang kanilang natutuhan, mapukaw pa ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa kanilang mga kahirapan sa pagkatuto.* | Integration ng Sining (Arts):<br><br>**Misyon sa Komunidad: Magalang na Pakikitungo sa PWDs**<br>💡 ✍️ **Panuto:** Hikayatin ang mga mag-aaral na obserbahan ang kanilang komunidad. Sa tulong nito, gumawa ng simpleng 'Poster ng Paggalang' na nagpapakita ng wastong pakikipag-ugnayan sa mga PWD. Maging malikhain sa pagbuo nito at maghanda para sa pagbabahagi kinabukasan. |

**RUBRIKS PARA SA EXTENDED LEARNING: "POSTER NG PAGGALANG"**

| **Krayterya/ Dimensyon** | **4 Napakahusay** | **3 Mahusay** | **2 Katamtaman** | **1 Kailangan pa ng Gabay** |
|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Mensahe (Wastong Pakikipag-ugnayan)** | Nagpapakita ng 3 o higit pang tumpak at sensitibong paraan ng pakikipag-ugnayan sa PWD. Ang mensahe ay napakaliwanag. | Nagpapakita ng 2 tumpak at sensitibong paraan ng pakikipag-ugnayan sa PWD. Malinaw ang intensyon ng poster. | Nagpapakita ng 1 tumpak na paraan, ngunit hindi gaanong detalyado ang mensahe ng pakikipag-ugnayan. | Walang malinaw na pagpapakita ng wastong pakikipag-ugnayan. |
| **Pagkamalikhain at Pagka-organisa (Arts Integration)** | Napakaganda at napaka-organisa ng likhang-sining. Gumamit ng iba't ibang kulay/elemento na nakatulong sa mensahe. | Maganda at organisado ang likhang-sining. Gumamit ng kulay/disenyo. | Malinis ngunit kulang sa detalye o kulay. Hindi gaanong malikhain. | Hindi maayos ang presentasyon ng poster. |
| **Pagsisikap/ Pagtatapos** | Kumpleto ang gawain at naibahagi nang may pagmamalaki at linaw. | Kumpleto ang gawain at naibahagi sa klase. | Natapos ang gawain ngunit may ilang bahagi na kulang o hindi naibahagi nang maayos. | Hindi natapos o hindi naibahagi ang gawain. |

| | |
|---|---|
| ***Mga Pagninilay:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan mong baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari ngayong araw. Mayroon bang mga bagay na nais pang tuklasin ng mga mag-aaral?*<br><br>*Mayroon bang mga bagay na nais mong ibahagi sa iyong mga kapwa guro, magulang, o mga lider ng paaralan tungkol sa iyong karanasan sa silid-aralan? Ano ang nais mong matulungan ka ng iyong instructional coach?* | |

**TALAAN NG MGA YUGTO NG PAGKATUTO**

| Simbolo | Yugto/Kategorya | Paliwanag |
|---|---|---|
| 🔍 | **Paglinang (Exploration)** | Pagsisiyasat o pagtuklas sa pamamagitan ng mga gawain o pag-aaral. |
| ✍️ | **Pagtataya sa Pagkatuto (Formative Assessment)** | Pagsusuri habang nagaganap ang pagkatuto upang matiyak ang pag-unawa. |
| 🏆 | **Pangwakas na Pagtataya (Summative Assessment)** | Pagsukat ng natutunang kaalaman at kasanayan pagkatapos ng isang aralin. |
| 🛠️ | **Interbensyon (Intervention)** | Karagdagang suporta para sa mga mag-aaral na nangangailangan nito. |
| 💡 | **Paglalapat (Application)** | Paglalapat ng natutuhan sa totoong sitwasyon kabilang ang *contextualization, localization at integration.* |

Prepared by:

**LEESIBEL G. AGOJO (Signed)**
Master Teacher I

Checked by:

**CLARISELLE JOY M. CONTI (Signed)**
Master Teacher I

Finalized and Approved:

**MA. LETICIA JOSE C. BASILAN PhD (Signed)**
Education Program Supervisor-
GMRC/Values Education

***Paunawa:*** *Ang Lesson Plan na ito ay sadyang idinisenyo upang maipakita ang estruktura ng ILAW Framework. Ang karagdagang detalye rito ay bahagi lamang ng pagbibigay ng* ***SAMPLE*** *habang nananatiling nakatuon sa pagsunod sa mga direktibang itinakda ng DepEd Order No. 16, s. 2026.*

# LESSON PLAN SA GMRC 6

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **Pagkilala sa Sarili bilang Nilikha na May Dignidad** |
| **Larangan ng Pagkatuto** | Good Manners and Right Conduct |
| **Pangalan ng Guro** | Maria Hanako K. Ramos |
| **Baitang at Pangkat** | 6- Quezon, Luna |
| **Term** | 1 |
| **Linggo/Petsa** | Linggo 1 / Hunyo 15, 2026 |
| **Bilang ng Sesyon** | 1 |
| **Mga Sanggunian**<br>**(books, websites, toolkits, etc.)** | Modelong Banghay Aralin sa GMRC 6 Aralin 1, GMRC/VE Curriculum Guide 2023, Three-Term Budget of Work sa GMRC 6 |
| **Pahayag ng Paggamit ng AI**<br>Cite how AI was used in the formulation of the lesson plan.<br>See DO 3 s.2026 Annex A. | Ginamit ang AI upang bumuo ng nilalaman ng lesson plan at iangkop ito sa format na nakabatay sa DepEd Memo DO_s2019_030-2. |

| | |
|---|---|
| ***Intensyon*** | *Ang makabuluhang karanasan sa pagkatuto ay nakasalalay sa kung paano natin ito binubuo at binibigyang-hugis. Magsimula sa pagtukoy kung ano ang nais mong matutuhan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at simple.*<br>*Tandaan: Ang pag-unawa sa nagbabagong kalagayan ng mga mag-aaral at ang pagdidisenyo ng aralin ayon dito ay nakatutulong upang matiyak na ang iyong mga leksyon ay makabuluhan, kapaki-pakinabang, at may kaugnayan sa kanilang karanasan.* |
| ***Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap***<br>*Isulat ang Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayan Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap mula sa Gabay na Kurikulum* | **Kasanayang Pampagkatuto:**<br>1. Naisasabuhay ang pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng pagbabahagi ng talento at pagpapaunlad ng mga gawi.<br>**Pamantayang Pangnilalaman:** Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili bilang nilikha na may dignidad.<br>**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling kilos ng pagkilala sa sarili bilang nilikha na may dignidad upang malinang ang pagpapahalaga sa sarili.<br>**Lilinanging Pagpapahalaga:** Pagpapahalaga sa sarili ***(Valuing oneself)*** |
| ***Mga Layunin sa Pagkatuto:***<br>*Habang tinutukoy ang mas maliliit na kaalaman, kasanayan, o gawain mula sa kasanayan na pagtutuunan ng mga mag-aaral at maipapakita nila sa pagtatapos ng mga sesyon.* | Ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>a. Natutukoy ang mga sariling kilos ng pagkilala sa sarili bilang nilikha na may dignidad |
| ***Konteksto ng Mag-aaral:***<br>*Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga mag-aaral, at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga karanasan sa pagkatuto kamakailan. Isama ang kanilang mga kalakasan, interes, at posibleng mga hadlang sa pagkatuto.* | **Grade 6- Quezon**<br><br>**Kalakasan at Interes:** Mabilis na pag-unawa at pagsasagawa ng mga aktibidad<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pagkakaiba-iba ng antas ng pag-unawa at pangangailangan ng mas detalyadong paggabay sa mga konsepto.<br>**Unpacked Level ng Kompetensi:** 3 - Hindi na kailangan ng paghihimay ng kompetensi handa na sa mapanghamong mga aktibidad. |

| | |
|---|---|
| | **Grade 6- Luna**<br>**Kalakasan at Interes:** Malayang pagbabahagi ng pananaw/saloobin.<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pagkakaiba-iba ng antas ng pag-unawa at pangangailangan ng mas detalyadong paggabay sa mga konsepto.<br>**Unpacked Level ng Kompetensi:** 1 - Nangangailangan ng paghihimay-himay ng mga kompetensi |

| | |
|---|---|
| **Learning Experience.**<br>**Karanasan sa Pagkatuto** | Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na dinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at pakikipag-ugnayan ay nag-aambag tungo sa makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at pakikipag-ugnayan na makatutulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng kaalaman, kasanayan, o pag-unawa sa isang may layunin at sistematikong paraan.<br><br>***Values Analysis*** *Ang gawaing ito ay nakatuon sa pagsusuri kung paano nagiging salamin ng **Dignidad** ang pagpapaunlad ng talento at kung paano ito nagiging batayan sa paggawa ng matatag na desisyon para sa kabutihan ng lahat.* |
| ***Bago ang Aralin:***<br>*Ilarawan kung paano mo ihahanda ang mga mag-aaral para sa aralin.* | **Paunang Gawain:**<br>● Panalangin<br>● Alintuntunin sa silid-aralan<br>● Pagtatala ng Liban/ Kumustahan<br><br>**Pagbabalik-aral:**<br>🔍 ✍️ **Gawain: Interactive Memory Match:**<br>**Dignidad at Talento (Gamit ang Lumi)**<br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay maglalaro ng *memory matching game* na may kaugnayan sa konsepto ng dignidad at iba't ibang uri ng talento.<br><br>**Pagganyak:**<br>🔍 **Gawain: Kuwento ng Tagumpay (Video/Storybook)**<br>Magpapakita ng isang maikling *video o storybook (digital)* tungkol sa "Tahimik na Sinulid ni Likha". |
| ***Daloy:***<br>*Ilarawan ang mga gawain na maaari mong ipatupad sa isa o higit pang mga sesyon upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto.*<br><br>*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdidisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pag-iisip kung paano:*<br>• *Gawing malinaw ang mga layunin para sa mga mag-aaral.*<br>• *Gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang subukang gawin ang gawain nang mag-isa.*<br>• *Suriin ang kalagayan ng kagalingan, pag-unawa, at* | 🔍 **Gawain: Talent Spotlight: Ako'y Natatangi!**<br>**Panuto:** Hatiin ang klase sa lima (5) magtalaga ng pwesto sa bawat grupo. Ipakikita ng guro ng mga *Talent Icons* (mic, paintbrush, sandok, bola, o sinulid at karayom) sa pisara o screen. Pipili ang bawat mag-aaral ng *icon* na sumisimbolo sa kanilang talento. Pagkatapos, sasagutin ng mga mag-aaral pamprosesong tanong na: *"Paano mo gagamitin ang iyong talento para sa dignidad at inspirasyon ng kapwa? "*Gabayan ang pagbabahagi ng bawat grupo. Bigyang-diin na ang pagpapaunlad ng talento ay paggalang sa sarili at kapwa.<br><br>🔍 **Gawain: ALAM MO BA?**<br>Panuto: Talakayin ang pagkakaugnay ng dignidad bilang likas na halaga ng tao at ang tungkulin na paunlarin ang sariling talento bilang isang kilos ng paggalang sa sarili.<br><br>Mga gabay na tanong<br>1.Paano mo maipapakita na pinapahalagahan at iginagalang mo ang iyong sarili kapag ginagamit mo ang iyong talento (gaya ng pagguhit, pagsayaw, o pag-awit)? |

| | |
|---|---|
| *antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aralin.*<br>• *Iugnay ang mga bagong konsepto sa mga naunang kasanayan.*<br>• *Hikayatin ang pagtutulungan ng mga mag-aaral.*<br>• *Anyayahan ang mga mag-aaral na magmuni-muni kung bakit mahalaga ang mga ito sa kanila.*<br>*Tiyakin ang pagiging inklusibo para sa iba't ibang kakayahan, istilo ng pagkatuto, at konteksto ng mga mag-aaral.* | 2. Kung ang isang bata ay may talento pero tinatamad siyang mag-ensayo o natatakot siyang sumubok, ano ang nawawala sa kanyang paggalang sa sarili?<br>3. Paano nakakatulong ang pagtulong sa kapwa gamit ang iyong talento upang makita ng ibang tao na ikaw ay isang batang may mabuting asal at dignidad?<br><br>💡 **Gawain: Ang Aking Pangako sa Aking Talento**<br><br>**Panuto:** Isulat sa *notebook* ang iyong pangako upang paunlarin pa ang iyong talento. Kompletuhin ang pahayag na:<br><br>"Ngayong alam ko na ang aking mga talento, higit ko pang pauunlarin ito sa pamamagitan ng ________________________________________." |
| ***Mga Kagamitang Pampagkatuto:***<br>*Ilista ang mga kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa iyo upang makamit ang iyong mga layunin. Tiyakin na ang mga ito ay available at inklusibo.*<br>*Magbigay rin ng mga opsyon at alternatibo kung sakaling magkaroon ng mga emergencies* | PowerPoint Presentation, Lumi (Memory Game), Digital Storybook/Video, Talent Icons (Visual Aids), Mentimeter (Online Tool), Gemini (Quiz Generation). |
| ***Mga Oportunidad para sa Integrasyon:***<br>*Isulat ang anumang mga posibilidad na makabuluhang pagsasama ng ibang larangan ng pagkatuto, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | Good Manners and Right Conduct (GMRC): Pagpapaunlad ng Sarili; Health: Pangangalaga sa sariling kalusugan. |

| | |
|---|---|
| **Assessing Learning**<br>**Pagtataya** | *Ang pagtataya ay nagpapakita kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pa ang kailangan nilang tulong. Nakakatulong ito sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon upang gabayan ang iyong susunod na pagtuturo.* |
| ***Pormatibong Pagtataya:***<br>*Pumili ng gawain, aktibidad, o mga tanong upang suriin ang pagkatuto at makapagbigay ng puna o feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makakahingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.*<br>*Tandaan na magbigay ng angkop na mga akomodasyon upang maipakita ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, opsyon para sa maliit na* | ✍️ **Pagtataya: #NatutunanKo**<br>*Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.*<br>1. Bakit mahalagang paunlarin ang sariling talento bilang pagpapakita ng dignidad?<br>A. Upang mas makahigit sa ibang tao.<br>B. Dahil ito ay utos ng mga magulang at guro.<br>C. Dahil ang talento ay paraan ng pagkilala sa sarili bilang nilikha na may likas na halaga o dignidad.<br>D. Para maging sikat at makilala ng lahat. |

| | |
|---|---|
| *grupo, mga suportang biswal o pandinig).* | 2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng kilos ng pagkilala sa sarili na may dignidad sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng talento?<br>A. Araw-araw na pag-eensayo sa pagtugtog ng gitara.<br>B. Pagbalewala sa isang kakayahang alam mong mayroon ka.<br>C. Pag-aaral ng bagong kasanayan na makatutulong sa napiling propesyon.<br>D. Pagsali sa mga paligsahan upang subukin at hasain ang sariling kakayahan.<br>3. Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa sarili **(Valuing oneself)** sa pamamagitan ng patuloy na paglinang ng iyong talento?<br>A. Paghahambing ng sariling talento sa iba.<br>B. Pagbibigay-halaga sa kakayahan na ibinigay sa iyo at paggamit nito sa kabutihan.<br>C. Paggawa ng sariling talento na tanging para lamang sa sariling kapakinabangan.<br>D. Paghinto sa pag-aaral ng talento kapag nahihirapan na.<br>4. Si Miko ay mahusay sa pagguhit, at nais niyang maging isang arkitekto balang araw. Alin ang tiyak na hakbang na dapat niyang gawin upang paunlarin ang kanyang talento?<br>A.Maglaro ng **online games** sa buong araw.<br>B. Maghanap ng *mentor* o klase sa pagguhit upang matuto ng mas **advanced** na teknik.<br>C. Magpinta lamang kapag inutusan.<br>D. Hintayin na lang na kusang umunlad ang kanyang kakayahan.<br>5. Ayon sa aralin, ano ang “dignidad”?<br>A. Ang pagiging mayaman o sikat sa komunidad.<br>B. Ang likas na halaga at karangalan ng bawat tao bilang indibidwal na nilikha.<br>C. Ang dami ng talento at kakayahan na mayroon ang isang tao.<br>D. Ang pagiging bukod-tangi sa lahat ng aspeto.<br><br>**Susi sa Pagwawasto:**<br>1. C, 2. B, 3. B, 4. B, 5. B<br><br>***<u>Gabay at Suporta sa Pagkatuto:</u>*** Bukas ang guro sa anumang katanungan o paglilinaw sa bawat bahagi ng pagtataya lalo na at kung nangangailangan ang mga mag-aaral ng higit pang gabay at suporta upang maging matagumpay kanilang pagkatuto. Ang sagot ng bawat mag-aaral ay nirerespeto at pinahahalagahan. Kung may mga opinyon, saloobin o pananaw ang mag-aaral na hindi naging malinaw, agad itong tutugunan upang kanilang higit na maunawaan at hindi magdulot ng kalituhan sa nakararami. Inaasahang ang guro ay makapagbibigay ng alternatibong gawain tulad ng mga pinadaling gawain, iba pang learning materials/resources, o peer support kung hindi pa nakakamit ng mag-aaral |

| | |
|---|---|
| | ang kaniyang mga dapat matutunan, maisapuso at maisabuhay batay sa kasanayang pampagkatuto at mga tiyak na layunin para sa aralin. |

| | |
|---|---|
| **Ways Forward**<br>**Mga Susunod na Hakbang** | *Ang makabuluhang pagkatuto ay maaari ring mangyari sa labas ng silid-aralan—para sa mga mag-aaral at sa guro. Huminto sandali at magnilay sa mga nangyari ngayong araw.* |
| ***Mga Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto:***<br>*Magmungkahi ng iba pang mga karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan o oras ng klase na maaaring salihan ng mga mag-aaral upang mapatatag ang kanilang natutuhan, mapukaw pa ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa kanilang mga kahirapan sa pagkatuto.* | 💡 ✍️ **Gawain: Karagdangang Gawain: (Self-Reflection Journal)**<br>**Panuto:** Sa isang *bondpaper,* sumulat ng repleksyon tungkol sa kahalagahan ng sariling talento sa pagpapakita ng dignidad. |
| ***Mga Pagninilay:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan mong baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari ngayong araw. Mayroon bang mga bagay na nais pang tuklasin ng mga mag-aaral?*<br><br>*Mayroon bang mga bagay na nais mong ibahagi sa iyong mga kapwa guro, magulang, o mga lider ng paaralan tungkol sa iyong karanasan sa silid-aralan? Ano ang nais mong matulungan ka ng iyong instructional coach?* | Ang mga mag-aaral ay nakatukoy ng X% na porsyento ng mga kilos nang wasto. Kailangan pang palakasin ang pag-uugnay ng konsepto sa pang-araw-araw na buhay. Susunod: Pag-uugnay ng dignidad sa paggalang sa karapatan ng kapuwa. |

**TALAAN NG MGA YUGTO NG PAGKATUTO**

| Simbolo | Yugto/Kategorya | Paliwanag |
|---|---|---|
| 🔍 | **Paglinang (Exploration)** | Pagsisiyasat o pagtuklas sa pamamagitan ng mga gawain o pag-aaral. |
| ✍️ | **Pagtataya sa Pagkatuto (Formative Assessment)** | Pagsusuri habang nagaganap ang pagkatuto upang matiyak ang pag-unawa. |
| 🏆 | **Pangwakas na Pagtataya (Summative Assessment)** | Pagsukat ng natutunang kaalaman at kasanayan pagkatapos ng isang aralin. |
| 🛠️ | **Interbensyon (Intervention)** | Karagdagang suporta para sa mga mag-aaral na nangangailangan nito. |
| 💡 | **Paglalapat (Application)** | Paglalapat ng natutuhan sa totoong sitwasyon kabilang ang *contextualization, localization at integration.* |

Prepared by:

**MARIA HANAKO K. RAMOS (Signed)**
Teacher III

Checked by:

**CLARISELLE JOY M. CONTI (Signed)**
Master Teacher I

Finalized and Approved:

**MA. LETICIA JOSE C. BASILAN, PhD (Signed)**
Education Program Supervisor-
GMRC/Values Education

***Paunawa:*** *Ang Lesson Plan na ito ay sadyang idinisenyo upang maipakita ang estruktura ng ILAW Framework. Ang karagdagang detalye rito ay bahagi lamang ng pagbibigay ng* ***SAMPLE*** *habang nananatiling nakatuon sa pagsunod sa mga direktibang itinakda ng DepEd Order No. 16, s. 2026.*

# LESSON PLAN SA VALUES EDUCATION 10

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Aralin** | **Pansariling Gampanin sa mga Isyung Panlipunan** |
| **Larangan ng Pagkatuto** | Values Education 10 |
| **Pangalan ng Guro** | Clariselle Joy M. Conti |
| **Baitang at Pangkat** | 10-Molave, Lauan, Pino, Caballero |
| **Term** | 1 |
| **Linggo/Petsa** | Linggo 1-2 / Hunyo 15-18, Hunyo 22-23, 2026 |
| **Bilang ng Sesyon** | 6 |
| **Mga Sanggunian (books, websites, toolkits, etc.)** | Modelong Banghay Aralin sa Values Education 10-Aralin 1, GMRC/VE Curriculum Guide 2023, Three-Term Budget of Work sa Values Education 10 |
| **Pahayag ng Paggamit ng AI** Cite how AI was used in the formulation of the lesson plan. See DO 3 s.2026 Annex A. | Sa banghay aralin na ito, ginamit ang AI upang makabuo ng ilan sa mga interaktibong gawain upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral tungkol sa aralin. Gayundin, naging katuwang ang teknolohiyang ito sa pagsusuri ng balarila (grammar check) at sa pagpapatibay ng angkop, makabuluhan, at lapat ng mga inihandang gawain at pagtataya para sa antas ng mga mag-aaral. |

| | |
|---|---|
| ***Intensyon*** | *Ang makabuluhang karanasan sa pagkatuto ay nakasalalay sa kung paano natin ito binubuo at binibigyang-hugis. Magsimula sa pagtukoy kung ano ang nais mong matutuhan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng aralin—panatilihin itong malinaw at simple.*<br>*Tandaan: Ang pag-unawa sa nagbabagong kalagayan ng mga mag-aaral at ang pagdidisenyo ng aralin ayon dito ay nakatutulong upang matiyak na ang iyong mga leksyon ay makabuluhan, kapaki-pakinabang, at may kaugnayan sa kanilang karanasan.* |
| ***Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap***<br>*Isulat ang Kasanayang Pampagkatuto, Pamantayan Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap mula sa Gabay na Kurikulum* | **Kasanayang Pampagkatuto:**<br>1. Naisasabuhay ang pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga gawaing nakasasama sa sarili at kapuwa gaya ng bisyo, pambubulas, panggigipit, o panlalamang sa iba.<br>**Pamantayang Pangnilalaman:** Natututuhan ng mag-aaral ang pag unawa sa pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan.<br>**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ng mag-aaral ang mga wastong paraan ng pagtupad sa pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan na nakaaapekto sa dignidad ng tao upang malinang ang pagiging mapanagutan.<br>**Lilinanging Pagpapahalaga:** Mapanagutan (Accountability) |
| ***Mga Layunin sa Pagkatuto:***<br>*Habang tinutukoy ang mas maliliit na kaalaman, kasanayan, o gawain mula sa kasanayan na pagtutuunan ng mga mag-aaral at maipapakita nila sa pagtatapos ng mga sesyon.* | a. Natutukoy ang mga pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan na nakaaapekto sa dignidad ng tao.<br>b. Nabibigyang katuwiran na ang pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan ay mahalagang salik sa pagtataguyod ng dignidad ng tao na makatutulong upang mawala ang diskriminasyon.<br>c. Nailalapat ang mga wastong paraan ng pagtupad sa pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan na nakaaapekto sa dignidad ng tao |
| ***Konteksto ng Mag-aaral:***<br>*Isulat ang iyong mga obserbasyon sa mga mag-aaral, at kung paano sila gumaganap o tumutugon sa mga* | **Grade 10-Molave**<br>**Kalakasan at Interes::** Mabilis na pag-unawa at pagsasagawa ng mga aktibidad<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pag-aalinlangang magpahayag ng opinyon dahil sa pag-iingat sa sensitibidad ng paniniwala ng iba. |

| | |
|---|---|
| *karanasan sa pagkatuto kamakailan. Isama ang kanilang mga kalakasan, interes, at posibleng mga hadlang sa pagkatuto.* | **Unpacked Level ng Kompetensi:** 3 - Hindi na kailangan ng paghihimay ng kompetensi handa na sa mapanghamong mga aktibidad.<br><br>**<u>Grade 10-Lauan, Grade 10-Caballero at Grade 10-Pino</u>**<br>**Kalakasan at Interes:** Malayang pagbabahagi ng pananaw/saloobin.<br>**Posibleng Hadlang sa Pagkatuto:** Pagkakaiba-iba ng antas ng pag-unawa at pangangailangan ng mas detalyadong paggabay sa mga konsepto.<br>**Unpacked Level ng Kompetensi:** 1 - Nangangailangan ng paghihimay-himay ng mga kompetensi |

| | |
|---|---|
| **Learning Experience.<br>Karanasan sa Pagkatuto** | Ang karanasan sa pagkatuto ay tulad ng isang maingat na dinisenyong paglalakbay. Bawat gawain at pakikipag-ugnayan ay nag-aambag tungo sa makabuluhang pag-unawa at pag-unlad. Tukuyin ang mga gawain at pakikipag-ugnayan na makatutulong sa mga mag-aaral upang magkaroon ng kaalaman, kasanayan, o pag-unawa sa isang may layunin at sistematikong paraan.<br><br>***Values Analysis*** *ang dulog kaugnay ng mga pamamaraan at estratehiya ng paksa.Sa pamamagitan ng pagsusuri sa sanhi at bunga ng mga isyung panlipunan matutukoy ang epekto nito sa dignidad ng tao. Gayundin sa tulong ng kolaboratibong talakayan, ang mga mag-aaral ay hihikayatin upang mahubog ang kanilang rasyonal na pangangatwiran at lohikal na pagpapasya. Ang dulog ding ito ang magsisilbing batayan sa pagbuo ng sariling plano sa pagtataguyod ng dignidad (My Dignity Protect Plan) at sa pagsasagawa ng mga konkretong hakbang sa lipunan na ibabahagi sa BTIHS Freedom Wall.* |
| ***<u>Bago ang Aralin:</u>***<br>*Ilarawan kung paano mo ihahanda ang mga mag-aaral para sa aralin.* | **Paunang Gawain:**<br>● Panalangin<br>● Alintuntunin sa silid-aralan<br>● Pagtatala ng Liban/ Kumustahan<br><br>**SESYON 1-Hunyo 15, 2026**<br>**Pagbabalik-aral:**<br>🔍✍️**Gawain: BALIKAN ANG NAKALIPAS!**<br>Panuto: Magbigay ng sariling paraan upang mapaunlad ang gawi sa pagtangkilik ng mga serbisyo, talento, at produktong gawang Pilipino?<br><br>**Pagganyak:**<br>🔍**Gawain: FOUR PICS, ONE WORD**<br>Panuto: Tukuyin ang mga salitang sumasalamin sa tema ng apat na larawan. Tatawag ang guro ng mga mag-aaral upang banggitin ang kanilang sagot.<br><br><br>_ _ _ _ _ _   _ _ _ _ _ _ _ _ _ _<br>*Mga litrato mula sa:*<br>*Chirko I. (2020). GoodFon.com. https://www.goodfon.com/games/wallpaper-karty-kazino-fishki-1.html*<br>*Barbara V. (2022). Wikkimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Acoso-escolar-barcelona-Bullying.jpg*<br>*Hassan M. (n.d.) PxHere. https://pxhere.com/en/photo/1637090*<br>*Francis V. (1988). Flickr. https://www.flickr.com/photos/communityeyehealth/5687059975/in/photostream/* |
| ***<u>Daloy:</u>***<br>*Ilarawan ang mga gawain na maaari mong ipatupad sa isa o higit pang mga sesyon upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto.* | **Sesyon 1 – Hunyo 15, 2026**<br>🔍**Gawain: THINK-PAIR & SHARE**<br>Panuto: Bigyang-kahulugan ang sumusunod na susing konsepto sa loob ng 5 minuto. Pagkatapos nito, tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kasagutan sa klase. |

*Ilapat ang mga Prinsipyo sa Pagdidisenyo ng Pagkatuto sa pamamagitan ng pag-iisip kung paano:*

- *Gawing malinaw ang mga layunin para sa mga mag-aaral.*
- *Gabayan ang mga mag-aaral bago sila hayaang subukang gawin ang gawain nang mag-isa.*
- *Suriin ang kalagayan ng kagalingan, pag-unawa, at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aralin.*
- *Iugnay ang mga bagong konsepto sa mga naunang kasanayan.*
- *Hikayatin ang pagtutulungan ng mga mag-aaral.*
- *Anyayahan ang mga mag-aaral na magmuni-muni kung bakit mahalaga ang mga ito sa kanila.*

*Tiyakin ang pagiging inklusibo para sa iba't ibang kakayahan, istilo ng pagkatuto, at konteksto ng mga mag-aaral.*

- **Dignidad**
- **Pambubulas**
- **Isyung Panlipunan**
- **Panggigipit**
- **Bisyo**
- **Panlalamang**

🔍 **Gawain: ALAM MO BA?**
Panuto: Pakinggan at unawaing mabuti ang mahahalagang kaisipan ukol sa mga isyung panlipunan, dignidad, bisyo, pambubulas, panggigipit, at panlalamang sa kapuwa. Gamit ang slide deck, magkakaroon ng malayang talakayan ang guro at mga mag-aaral.

- Pag-unawa sa mga susing konsepto (isyung panlipunan, dignidad, bisyo, pambubulas, panggigipit at panlalamang sa kapuwa.

✍️ **Pagtataya: #NatutunanKo**
**Panuto:** Mula sa natapos na talakayan, mag-isip ng isang orihinal na #Hashtag na nagbubuod sa iyong natutunan sa sesyon na ito? Hikayatin ang mag-aaral upang ilahad ang kanilang mga natutunan sa klase.

**SESYON 2 - Hunyo 16, 2026**
🔍 **Gawain: TANONG-SAGOT**
Panuto: Sagutin ang mga katanungan at isulat sa kwaderno ang sagot. Pagkatapos ng gawain, tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kasagutan.

1. Ano-ano ang mga isyung panlipunan na karaniwang kinakaharap ng mga kabataan sa kasalukuyan?

2. Sa iyong palagay, bakit may mga taong nagiging biktima o kaya naman ay nasasangkot sa mga ganitong suliranin sa lipunan?

3. Paano naaapektuhan ng mga isyung ito ang likas na dignidad ng isang tao at ang kaniyang ugnayan sa pamilya at kapuwa?

💡 **GAWAIN: I-SHARE MO**
Gawain: Sa tulong ng pangkat, pag-usapan at magbahigi ng pananaw o realisasyon sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga inihandang pahayag tungkol sa epekto ng bisyo, pambubulas, panggigipit, at panlalamang sa dignidad ng tao. Gawin sa loob ng 10 minuto.

1. Ang bisyo ay hindi lamang sumisira sa kalusugan ng isang tao, kundi nagiging banta rin ito sa dignidad ng kanyang pamilya dahil ______________
______________________________________________________________________

2. Bagamat likas ang dignidad ng tao, ang pambubulas ay nagdudulot pa rin ng matinding pinsala sa pagkatao ng biktima dahil _______________________
______________________________________________________________________

3. Kapag ang kapangyarihan ay ginamit sa panggigipit sa halip na pagtulong, ang nawawala sa ugnayan ng mga mamamayan ay ___________
_____________________________________________________________

4. Ang pagsasamantala sa kahinaan ng iba para sa sariling interes ay nagpapakita na ang pagtrato natin sa ating kapwa ay __________________
_____________________________________________________________



PAMANTAYAN NG PAGMAMARKA

| PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY (5) | MAHUSAY (4) | NALILINANG (3) | NAGSISIMULA (2) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Pagsusuri | Napakalalim at malinaw at naipaliwanag ang sanhi at epekto ng mga isyung panlipunan sa dignidad ng tao. | Makabuluhan ang mga sagot at maayos na naluugnay ang mga isyung panlipunan sa epekto nito sa dignidad ng tao. | Angkop ng mga sagot ngunit mababaw ang pagkakaugnay ng mga isyung panlipunan sa konsepto ng dignidad. | Hindi tiyak o hindi angkop ang mga sagot; kulang sa pag-unawa sa ugnayan ng isyu at dignidad. |
| Kritikal na Pag-iisip | Nakapagbibigay ng matatag, lohikal, at rasyonal na katwiran sa bawat binuong pahayag. | Maayos at may lohika ang pangangatwiran sa mga binuong pahayag ngunit may lang bahaging kulang sa paliwanag. | May katwiran ang mga sagot subalit nakasalalay lamang sa pangkalahatang opinyon at kulang sa lalim. | Walang malinaw na katwiran o lohika ang mga isinulat na dugtong sa pahayag. |
| Kooperasyon at Kolaborasyon | Lahat ng kasapi ng pangkat ay aktibong nakiisa, nagbahagi ng opinyon, at natapos ang gawain sa loob ng itinakdang oras. | Halos lahat ng kasapi ay nakiisa at nagtulungan upang matapos ang gawain sa itinakdang oras. | Ilang kasapi lamang ang nag-usap at gumawa; nahirapang matapos ang gawain sa tamang oras. | Walang pagkakaisa ang pangkat; isa o dalawang tao lamang ang gumawa ng gawain. |
| Pagbabahagi at Presentasyon | Napakalinaw, may kumpiyansa, at napakaorganisado ang paglalahad ng kinatawan; Eksaktong natapos sa 5 minutong itinakda. | Malinaw at maayos ang paglalahad ng kinatawan ng pangkat. Bahagyang lumampas o kulang sa oras. | Naibahagi ang napagusapan ngunit kulang sa kaayusan, paghahanda, o hindi naging malinaw ang boses ng kinatawan. | Hindi organisado ang pagbabahagi at hindi malinaw ang menseheng nais iparating ng kinatawan sa klase. |

✍️ Pagtataya: **Oral na Pagtataya**
Tayahin ang iyong naunawaan sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungang:

Bilang isang kabataan, anong matatag na paninindigan o hakbang ang maaari mong gawin upang maiwasang masangkot sa mga ganitong suliranin sa lipunan?

**SESYON 3 - Hunyo 17, 2026**
🔍 **Gawain: UNAWAIN NATIN!**
Panuto: Magkakaroon ng malayang talakayan ang guro at mag-aaral tungkol sa pansariling gampanin sa Mga Isyung Panlipunan gabay ang slide deck.

🔍 **Gawain: Teksto-Suri**
Panuto: Basahin at unawain ang konsepto tungkol
Pagtataguyod ng Dignidad Ng Tao at Pag-Iwas sa Gawaing Nakasasama sa Sarili at sa Kapwa. Magtala ng mahahalagang konseptong natutunan mo mula sa gawain.

💡 **Gawain: Tanong-Sagot**
Panuto: Mula sa natapos na aktibidad, sagutin ang mga katanungan sa tulong ng pangkat.
1. Ano ang dignidad at bakit mahalaga ang pagiging mapanagutan sa pagtataguyod nito?
2. Paano sinisira ng bisyo ang halaga at ugnayan ng isang tao sa kanyang pamilya ayon kay Chapman?
3. Sa isyu ng pambubulas, bakit maituturing na maling hamakin ang kapwa ayon sa pananaw ni TerMeulen?
4. Paano ipinapakita ng pag-iwas sa panggigipit na ikaw ay isang responsable at maayos na kasapi ng lipunan base kay Kvalnes?

✍️ Pagtataya: **Pagsasadula**
Panuto: Suriin ang sitwasyon at sagutin ang katanungan. Tumawag ng mga mag-aaral na maaring magsadula ng sitwasyon na kung saan ay maipakikita nila ang pagtataguyod sa dignidad ng tao upang maiwasan ang diskriminasyon.

**Sitwasyon:**
Si James ay bagong lipat sa Baitang 10 mula sa probinsya. Madalas siyang pinagtatawanan ng ilang sikat na mag-aaral dahil sa kanyang kakaibang punto sa pagsasalita at simpleng hitsura.
Nang magkaroon ng pangkatang gawain, walang gustong kumuha sa kaniya dahil sa maling akala na siya ay mabagal at hindi kawili-wiling kasama. Nakita mong nakayuko si James at tahimik na umiiyak sa diskriminasyong nararanasan. Batid mong kulang pa ng miyembro ang inyong pangkat, ano ang gagawin mo?

**SESYON 4 - Hunyo 18, 2026**
🔍 **Gawain: PAG-USAPAN NATIN!**
Panuto: Magkakaroon ng pangkatang gawain ang klase upang unawain mga paraan upang maipatupad nang wasto ang pansariling gampanin sa mga isyung panlipunan.


🔍 **Gawain:IULAT MO!**
Mula sa natapos na gawain, pipili ang grupo ng kinatawan upang magbahagi sa klase.

💡 **Gawain: MY DIGNITY PROTECT PLAN**
Panuto: Batay sa mga isyung panlipunan, pumili ng isang isyu na nais mong bigyang solusyon. Ipaliwanag ang mga paraan na gagawin upang masulosyunan at pagnilayan kung bakit mahalaga para sa iyo na matugunan at maitaguyod ang dignidad ng tao at maiwasan ang diskriminasyon kaugnay ng ibinigay na isyu.

| ISYUNG PANLIPUNAN | PLANONG SOLUSYON | SARILING PAGNINILAY SA KAHALAGAHAN NG PLANONG SOLUSYON KAUGNAY NG ISYU |
|---|---|---|
| | | |


✍️ Pagtataya: **Pangkatang Pagsusulit**
10 aytem na Maikling Pagsusulit
Panuto: Sa tulong ng pangkat, sagutin ang mga katanungan kaugnay ng mahahalagang konseptong natutunan sa aralin. Bawat miyembro ay may nakatalagang tanong na sasagutin at mabilisang itataas ang papel na naglalaman ng tamang sagot. Bawat tamang sagot ay may katumabas na isang puntos.
*(tingnan sa slide deck ang mga tanong)*

**SESYON 5 - Hunyo 22, 2026**
💡 **Gawain: FAITH SNAPSHOTS: LIVING WITH FAITH**
Panuto: Basahin at unawain ang bersikulo mula sa Banal na Kasulatan. Sa loob ng 15 minuto, isulat sa kwaderno ang iyong pagninilay ukol sa bersikulo at kaugnayan nito sa aralin.




https://www.biblegateway.com/passage/?search=Mateo%2022%3A37-39&version=MBBTAG

🏆 Pagtataya: **Pagninilay mula sa Bersikulo ng Banal na Kasulatan**
Panuto: Mula sa natapos na gawain, tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang pagninilay. Gawing gabay ang pamantaya sa pagmamarka.




**SESYON 6 - Hunyo 23, 2026**
🔍 **Gawain: UNAWAIN NATIN**
**Panuto:** Makinig sa maikling pagtalakay at paala-ala ng guro tungkol sa RBB Task. Ipapaunawa ng guro kung paano maisasakilos at maisasabuhay ang lilinanging pagpapahalaga na makatutulong sa kanila upang maging responsableng kabataan.

🏆 Pagtataya: **MABUTING KILOS, ISASABUHAY KO!**
Sa activity notebook, gumawa ng sariling pagninilay ukol sa natapos na task na may kaugnayan sa paggalang sa dignidad ng tao.

| | |
|---|---|
| ***Mga Kagamitang Pampagkatuto:***<br>*Ilista ang mga kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa iyo upang makamit ang iyong mga layunin. Tiyakin na ang mga ito ay available at inklusibo.*<br>*Magbigay rin ng mga opsyon at alternatibo kung sakaling magkaroon ng mga emergencies* | Laptop, Slide deck, Activity Notebook |
| ***Mga Oportunidad para sa Integrasyon:***<br>*Isulat ang anumang mga posibilidad na makabuluhang pagsasama ng ibang larangan ng pagkatuto, espesyal na paksa, o teknolohiya. Isulat ang N/A kung wala.* | **Araling Panlipunan:** Pagsusuri sa mga kontemporaryong isyung panlipunan na nagaganap sa komunidad.<br>**Filipino:** Paglinang sa kasanayan sa pagbuo ng mga pahayag na nagpapakita ng rasyonal na argumentasyon at paglalahad ng sanhi at bunga |

| | |
|---|---|
| **Assessing Learning**<br>**Pagtataya** | *Ang pagtataya ay nagpapakita kung ano ang natutuhan ng mga mag-aaral at kung ano pa ang kailangan nilang tulong. Nakakatulong ito sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon upang gabayan ang iyong susunod na pagtuturo.* |
| ***Pormatibong Pagtataya:***<br>*Pumili ng gawain, aktibidad, o mga tanong upang suriin ang pagkatuto at makapagbigay ng puna o feedback. Isama rin ang mga paraan kung paano makakahingi ng gabay o suporta ang mga mag-aaral.*<br>*Tandaan na magbigay ng angkop na mga akomodasyon upang maipakita ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pag-unawa (hal. iba't ibang paraan ng pagsagot, opsyon para sa maliit na grupo, mga suportang biswal o pandinig).* | **SESYON 1 – Hunyo 15, 2026**<br>✍️**: #NatutunanKo**<br>Tingnan sa Sesyon 1, Karansan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>**SESYON 2 – Hunyo 16, 2026**<br>✍️ **Oral na Pagtataya**<br>Tingnan sa Sesyon 2, Karansan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>**SESYON 3 – Hunyo 17, 2026**<br>✍️ **Pagsasadula**<br>Tingnan sa Sesyon 3, Karansan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>**SESYON 4 – Hunyo 18, 2026**<br>✍️ **Maikling Pagsusulit (Pangkatan)**<br>Tingnan sa Sesyon 4, Karanasan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>**SESYON 5 – Hunyo 22, 2026**<br>🏆 **Pagninilay mula sa Bersikulo ng Banal na Kasulatan**<br>Tingnan sa Sesyon 5, Karanasan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>**SESYON 6 – Hunyo 23, 2026**<br>🏆 **Pagsasakilos at Pagninilay sa RBB Task**<br>Tingnan sa Sesyon 6, Karanasan sa Pagkatuto (Learning Experience)<br><br>***Gabay at Suporta sa Pagkatuto:*** Bukas ang guro sa anumang katanungan o paglilinaw sa bawat bahagi ng pagtataya lalo na at kung nangangailangan ang mga mag-aaral ng higit pang gabay at suporta upang maging matagumpay kanilang pagkatuto. Ang sagot ng bawat mag-aaral ay nirerespeto at pinahahalagahan. Kung may mga opinyon, saloobin o |

| | |
|---|---|
| | pananaw ang mag-aaral na hindi naging malinaw, agad itong tutugunan upang kanilang higit na maunawaan at hindi magdulot ng kalituhan sa nakararami. Inaasahang ang guro ay makapagbibigay ng alternatibong gawain tulad ng mga pinadaling gawain, iba pang learning materials/resources, o peer support  kung hindi pa nakakamit ng mag-aaral ang kaniyang mga dapat matutunan, maisapuso at maisabuhay batay sa kasanayang pampagkatuto at mga tiyak na layunin para sa aralin. |

| **Ways Forward**<br>**Mga Susunod na Hakbang** | *Ang makabuluhang pagkatuto ay maaari ring mangyari sa labas ng silid-aralan—para sa mga mag-aaral at sa guro. Huminto sandali at magnilay sa mga nangyari ngayong araw.* |
|---|---|
| ***Mga Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto:***<br>*Magmungkahi ng iba pang mga karanasan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan o oras ng klase na maaaring salihan ng mga mag-aaral upang mapatatag ang kanilang natutuhan, mapukaw pa ang kanilang kuryosidad, o makapagbigay ng suporta sa kanilang mga kahirapan sa pagkatuto.* | ***(Ibigay ang gawain sa Sesyon 1)***<br>💡 ✍️ **Gawain:MABUTING KILOS, ISASABUHAY KO!**<br>**RBB Task 1:**<br>**Task/Challenge:** Magsagawa ng 1-2 makabuluhang aksyon sa komunidad o tahanan na nagpapakita ng: a) paggalang sa dignidad ng kapwa na tumutugon sa mga isyung panlipunan upang malinang ang pagiging mapanagutan, b) pagiging matiyaga upang paghandaan ang sariling kinabukasan at c)  wastong paraan ng pakikipagdiyalogo gamit ang social media o iba pangugnayan sa kapuwa.<br><br>Siguraduhing may kaalaman at kasali ang miyembro ng pamilya sa task na gagawin.<br><br>Kumuha ng tig 2 larawan na nagpapakita ng pagsasabuhay ng RBB Task upang makapag lay-out at i-upload ang mga larawan na may caption sa BTHS ESP Freedom Wall bilang feedback activity sa ikatlong  linggo.<br><br>***(Banggitin sa Sesyon 6 pagkatapos na gawin ang Task a)***<br>**(Paghahanda  ng RBB Output sa BTIHS Freedom Wall)**<br>Gamit ang mga larawan o video, mag-layout ng isang post para sa BTIHS Freedom Wall. Isama ang caption na naglalarawan sa ginawa, ang dahilan sa pagpili ng aktibidad, at ang naging epekto nito sa iyong sarili, pamilya at komunidad. I-upload ito sa BTIHS Freedom Wall hanggang sa ikatlong linggo.<br> |
| ***Mga Pagninilay:***<br>*Pag-isipan kung ano ang kailangan mong baguhin para sa susunod na sesyon batay sa mga nangyari ngayong araw. Mayroon bang mga bagay na nais pang tuklasin ng mga mag-aaral?* | |

| | |
|---|---|
| *Mayroon bang mga bagay na nais mong ibahagi sa iyong mga kapwa guro, magulang, o mga lider ng paaralan tungkol sa iyong karanasan sa silid-aralan? Ano ang nais mong matulungan ka ng iyong instructional coach?* | |

**TALAAN NG MGA YUGTO NG PAGKATUTO**

| Simbolo | Yugto/Kategorya | Paliwanag |
|---|---|---|
| 🔍 | **Paglinang (Exploration)** | Pagsisiyasat o pagtuklas sa pamamagitan ng mga gawain o pag-aaral. |
| ✍️ | **Pagtataya sa Pagkatuto (Formative Assessment)** | Pagsusuri habang nagaganap ang pagkatuto upang matiyak ang pag-unawa. |
| 🏆 | **Pangwakas na Pagtataya (Summative Assessment)** | Pagsukat ng natutunang kaalaman at kasanayan pagkatapos ng isang aralin. |
| 🛠️ | **Interbensyon (Intervention)** | Karagdagang suporta para sa mga mag-aaral na nangangailangan nito. |
| 💡 | **Paglalapat (Application)** | Paglalapat ng natutuhan sa totoong sitwasyon kabilang ang *contextualization, localization at integration*. |

Prepared by:

**CLARISELLE JOY M. CONTI (Signed)**
Master Teacher I

Checked by:

**MYRASOL D. BELTRAN PhD (Signed)**
Master Teacher II

Finalized and Approved:

**MA. LETICIA JOSE C. BASILAN PhD (Signed)**
Education Program Supervisor-
GMRC/Values Education

***Paunawa:*** *Ang Lesson Plan na ito ay sadyang idinisenyo upang maipakita ang estruktura ng ILAW Framework. Ang karagdagang detalye rito ay bahagi lamang ng pagbibigay ng* ***SAMPLE*** *habang nananatiling nakatuon sa pagsunod sa mga direktibang itinakda ng DepEd Order No. 16, s. 2026.*